# JESUS >

## May Hihigit pa ba?

WEEK 12

## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na hindi mo kayang iwan kapag umaalis ka ng bahay? Bakit?
- Ano ang ginagawa mo kapag pagod ka na o pinanghihinaan ng loob? Kanino ka lumalapit para humugot ng lakas o saya?
- Isipin ang isang malaking desisyong ginawa mo noon. Paano nito naapektuhan ang buhay mo?

## WORD

*Si Jesu-Cristo ay hindi nagbabago. Kung ano siya noon, ganoon din siya ngayon at magpakailanman.* **HEBREO 13:8**

(Basahin din ang **HEBREO 13:9–16, 20–21.**)

Itinuturo sa atin ng aklat ng Hebreo kung sino si Jesus at kung bakit Siya ang pinakadakila—mas dakila kaysa sa mga anghel, kay Moises, at sa Araw ng Pamamahinga. Dito rin natin makikita na si Jesus ang mas mabuting Punong Pari, dahil isang beses lang Niya inalay ang Kanyang sarili para sa kasalanan ng lahat. Dahil dito, may mas mabuting kasunduan at paglilingkod na naghihintay sa mga nagtitiwala sa Kanya. Inaanyayahan tayong tanggapin ang mas mabubuting bagay dahil sa pag-asang hatid ng muling pagkabuhay. Wala nang hihigit pa kay Jesus. Siya ang ating Tagapagligtas, at Siya ay pareho noon, ngayon, at magpakailanman. Ano pa ba ang mas hihigit dito?

## APPLICATION

- Si Jesu-Cristo ay hindi nagbabago—kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ano ang kahulugan nito sa sitwasyon mo ngayon? Paano ito makakatulong na baguhin ang pananaw mo sa iyong kasalukuyan at hinaharap?
- Sa anong bahagi ng iyong buhay ka natutuksong maghanap ng "mas mabuti" kaysa kay Jesus? Paano ka matutulungan ng katotohanang Siya ang pinakadakila upang maituon muli ang puso mo sa Kanya?
- Sino sa buhay mo ang kailangang makarinig ng "mas mabuting" pag-asang matatagpuan kay Jesus? Paano mo sila sadyang mahihikayat at mababahaginan ng magandang balita ngayong linggo?

## PRAYER

- Purihin si Jesus dahil hindi Siya nagbabago. Pasalamatan natin ang Diyos dahil Siya ay pareho kahapon, ngayon, at magpakailanman.
- Hilingin sa Diyos na bigyan tayo ng mga matang may pananampalataya para makita natin kung sino talaga si Jesus, lalo na habang dumaranas tayo ng mga pagsubok.
- Idalangin na ipakita ng Diyos ang mga pagkakataon para makapaglingkod tayo sa ating lokal na iglesya o komunidad, at maipakita natin sa iba ang pag-asa na mayroon tayo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Bruce Chua, Romeo Mercado, Ruth Gloria, Chrysse Pili, Janine Pineda, Mona Pondales, Ian Susi, Jasmine Villegas, Kriscel Wee

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

## 1 Wala nang hihigit pa kay Jesus, kaya karapat-dapat Siyang pagkatiwalaan.

*Si Jesu-Cristo ay hindi nagbabago. Kung ano siya noon, ganoon din siya ngayon at magpakailanman.* **HEBREO 13:8**

Ang huling kabanata ng Hebreo ang may pinakamaraming utos sa buong aklat, at binigyang-diin ng sumulat ang katotohanang pinaghuhugutan ng mga utos na ito: si Jesu-Cristo ay hindi nagbabago. Kaya nating tiisin ang hirap nang may pagtitiwala dahil alam nating kailanman ay hindi magbabago si Jesus, at tutuparin Niya ang lahat ng Kanyang ipinangako. Ang pagiging hindi nagbabago ni Jesus ang pangunahing pinanggagalingan ng kapanatagan ng bawat mananampalataya. Sa isang mundo na laging nagbabago, ano ang nararamdaman mo sa katotohanang si Jesus ay hindi nagbabago?

## 2 Wala nang hihigit pa kay Jesus, kaya tiisin natin ang paghihirap nang kasama Siya.

*[11]Sapagkat ang dugo ng mga hayop na handog sa paglilinis ay dinadala ng punong pari sa Pinakabanal na Lugar, pero ang katawan ng mga hayop ay sinusunog sa labas ng bayan. [12]Ganyan din ang nangyari kay Jesus, pinatay siya sa labas ng bayan para malinis niya ang mga tao sa mga kasalanan nila sa pamamagitan ng kanyang dugo. [13]Kaya lumapit tayo kay Jesus sa "labas ng bayan" at makibahagi sa mga tiniis niyang kahihiyan.*
**HEBREO 13:11–13**

Sa sistema ng paghahandog sa Lumang Tipan, (Leviticus 16:26–28), pumipili ang punong pari ng dalawang kambing tuwing Araw ng Pagtubos: ang isa ay para sa paglilinis ng santuwaryo at ang mga kasangkapan doon, at ang isa naman ay pinapakawalan. Ang dugo ng inihandog na kambing ay dinadala sa loob ng santuwaryo, habang ang natira sa katawan nito ay sinusunog sa *labas ng bayan*. Ang salitang "labas" ay sumasagisag sa kaguluhan, karumihan, at kasalanan. Ang kambing na nagpasan ng kasalanan ng mga tao ay pinapalayas sa ilang, bilang tanda ng pag-aalis ng kasalanan mula sa presensya ng Diyos at ng sambayanan. Ginawa at hinigitan ni Jesus ang handog na ito nang Siya'y ipinako sa krus sa labas ng Jerusalem. Sa pamamagitan ng Kanyang dugo, nilinis at pinabanal Niya ang mga tao. Tinatawag din ngayon ang mga mananampalataya sa *labas ng bayan*—ibig sabihin, makiisa kay Cristo at makibahagi sa Kanyang paghihirap. Ngayong alam na natin na si Cristo mismo ay nagtiis ng matinding pagtanggi mula sa tao, ano ang kahulugan para sa atin ng tawag na *makibahagi sa mga tiniis* Niyang kahihiyan?

## 3 Wala nang hihigit pa kay Cristo, kaya purihin natin Siya.

*[15]Kaya patuloy tayong maghandog ng papuri sa Dios sa pamamagitan ni Jesus. Ito'y ang mga handog na nagmumula sa mga labi natin at nagpapahayag ng pagkilala natin sa kanya. [16]At huwag nating kalimutan ang paggawa ng mabuti at pagtulong sa iba, dahil ang ganitong uri ng handog ay kalugod-lugod sa Dios.*
**HEBREO 13:15–16**

Para sa ating mga nakatanggap, sa pamamagitan ng pananampalataya, ng lahat ng "mas mabuting" bagay dahil sa sakripisyo ni Cristo, ang "pinakamatinding hirap" na mararanasan natin ay ang mga paghihirap na natin ngayon. Ang buhay natin dito sa mundo ay inilalaan na ngayon para sa mabunga at makabuluhang paglilingkod sa Panginoon at sa Kanyang kaharian. Dahil dito, karapat-dapat Siyang purihin—sa pamamagitan ng ating mga salita at mabubuting gawa. Ano ang ilan sa mga ginawa mo upang parangalan ang Diyos bilang pasasalamat sa kabutihang ginawa Niya sa 'yo?